



COUNTY NG LOS ANGELES TAGAPAGREHISTRO-TAGAPAGTALA/ KLERK NG COUNTY

MILITAR AT NASA IBANG BANSA NA MGA BOTANTE

Ang pagsali sa mga halalan ay mas maginhawa kaysa dati para sa mga botante na naglilingkod sa militar o nakatira sa labas ng Estados Unidos. Nagsisimula ito kapag nagparehistro ka upang bumoto bilang isang militar o botante sa ibang bansa at tumanggap ng mga materyales sa halalan sa pamamagitan ng koreo, fax, o email.

✓ Ikaw Ba Ay Karapat-dapat?

Upang makita kung karapat-dapat kang magparehistro bilang isang militar o botante sa ibang bansa, dapat ay isa ka sa mga sumusunod:



Isang miyembro ng aktibo o reserba ng sandatahang lakas ng Estados Unidos



Isang asawa o nakadepende sa isang tao sa sandatahang lakas



Isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa labas ng mga limitasyon ng teritoryo ng U.S. o D.C.

(Ang lahat ng mga aplikante na may Katayuang Botante sa Militar at Ibang bansa ay dapat matugunan ang mga kinakailangan sa pagpaparehistro ng botante.)

Sa ilalim ng Pederal na UOCAVA Batas ng 1986, Ang mga miyembro ng militar/naka-uniporme na serbisyo at mga mamamayan ng Estados Unidos na naninirahan sa labas ng mga limitasyon ng teritoryo ng Estados Unidos o ng Distrito ng Columbia para sa mga dahilan ng trabaho, mga programa sa pag-aaral o serbisyo militar (kabilang ang asawa o mga nakadepende sa isang naglilingkod sa militar) ay karapat-dapat na magparehistro upang bumoto at humiling ng isang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (pagboto sa pamamagitan ng koreo). Ang batas na ito ay pinangangasiwaan ng Pederal na Programa ng Pagtulong sa Pagboto.

✓ Magparehistro upang bumoto

Kung karapat-dapat kang magparehistro bilang isang militar o botante sa ibang bansa, maaari mong gamitin ang alinman sa mga sumusunod na opsyon upang magparehistro.

Online: California Online Voter Registration o Federal Voting Assistance Program

Papel: Kumpletuhin ang porma ng pagpaparehistro ng botante mula sa Kalihim ng Estado ng California at gawin ang isa sa mga sumusunod:

- **I-Fax** ang porma sa (562) 232-7925 or (877) 614-1128
- **Ipa-koreo** ang porma sa: Registrar-Recorder/County Clerk, Voter Records Division, P.O. Box 30450, Los Angeles, CA 90030-0450

Magsimula nang Maaga - Nagsisimulang magpadala ng mga balota ang County ng Los Angeles sa mga botante sa militar at sa ibang bansa 60 araw bago ang Araw ng Halalan. Upang matiyak na natatanggap mo ang iyong mga materyales sa pagboto sa oras, tiyaking magparehistro nang maaga.

? May mga katanungan pa?

Bumisita sa **LAVOTE.GOV** o i-iskan ang kodigong QR

